



Ang Moorebank Intermodal Precinct (MIP) ay isa sa mga pinakamahalagang industrial hub sa Australia, at inaasahang magbabago sa mga supply chain ng bansa sa pamamagitan ng paglilipat ng freight mula sa kalsada patungo sa riles — na magpapababa ng gastos, magbabawas ng emissions, at magpapahusay sa bilis ng paghahatid.

Update sa Proyekto: Moorebank Avenue Realignment

Patuloy na maayos ang pag-usad ng mga gawain sa Moorebank Avenue Realignment. Sa nakalipas na quarter, naabot ang mga mahahalagang milestone, kabilang ang malaking pag-usad sa mga entry works ng JLU ng Department of Defence at ang pagkakumpleto ng culvert sa ANZAC Creek. Ang na-upgrade na culvert ay makakatulong sa mabisang drainage habang pinapanatili ang natatanging daanan para sa mga hayop sa lugar.

Malapit nang magsimula ang mga pavement works na makikita ng mga residente, kabilang ang kerbs, concrete paving at road asphalt works. Palapit na tayo sa paghahatid ng na-upgrade na Moorebank Avenue para sa komunidad at sa precinct.

Kapag natapos na, ang Moorebank Avenue Realignment ay magpapaganda sa kaligtasan at bubuo ng mas mahusay na road network para sa mga motorista, siklista at naglalakad. Ang malaking bahagi ng konstruksiyon ay gagawin sa labas ng kasalukuyang Moorebank Avenue upang mapaliit ang epekto sa mga gumagamit ng kalsada.

Nasa larawan sa ibaba: Moorebank Avenue Realignment – kasalukuyang itinatayo – nakaharap sa timog patungo sa southern Moorebank Avenue tie-in (East Hills Rail Line at Holsworthy Defence sa timog).



Mga bagong milestone sa Kmart Moorebank Omnichannel Fulfillment Centre



Umusad ang mga gawain sa Kmart Moorebank Omnichannel Fulfillment Centre sa maraming bahagi, kasama ang patuloy na paglalagay ng high-level services sa buong warehouse. Nagpapatuloy ang paghahanda at pagbuhos ng internal at external concrete slab, na sumusuporta sa tuloy-tuloy na pag-usad ng gawain sa gusali at sa external pavement. Isinasagawa rin ang civil works sa Bushmaster Avenue, kabilang ang paglalagay ng mga services at pagtatayo ng kerbs.

Sa loob ng mga gusali, umuusad ang ilang internal works. Nagsimula na ang sheeting ng dock office, habang isinasagawa pa ang sheeting ng inbound dock office. Kumpleto na ang tiling ng amenities sa Level 1 ng main office, kasama ang ground floor sheeting ng control tower. Patuloy ang rough-in works sa workshop office, kasabay ng paglalagay ng carpark kerbs at sprinkler tanks.

Sa mga susunod na buwan, magpapatuloy ang internal at external slab pours, kasama ang pag-usad ng high-level services sa warehouse. Kabilang sa mga susunod na aktibidad bago ang target na pagkakumpleto ng site sa Q3 ay ang service tiling at floor finishes ng main office, service rough-ins sa gatehouse, at pagsisimula ng joinery installation.

Moorebank Eco-Tours: Pagbibigay-buhay sa Pag-aaral ng Biodiversity

Ikinagagalak ng Moorebank Intermodal Precinct na ibahagi ang patuloy na paglago ng Eco-Tour program nito, na tumutulong iugnay ang lokal na komunidad sa mahahalagang biodiversity value na matatagpuan sa buong precinct at sa mga karatig conservation area.

Mula nang ilunsad ito sa huling bahagi ng 2024, binigyan ng guided Eco-Tours ang mga paaralan, community group, kinatawan ng council at lokal na stakeholder ng pagkakataong tuklasin ang mga conservation area sa paraang ligtas, may mababang epekto at nakakaengganyo.

Sa simula ng 2026, nakipagtulungan ang precinct sa Wattle Grove Public School para sa piloto ng “Reverse Eco-Tour”, kung saan ang mga ecologist ang dumalaw sa paaralan upang suportahan ang praktikal na pag-aaral tungkol sa kalikasan. Nakilahok ang mga mag-aaral sa birdwatching, inspeksiyon ng nest box at mga aktibidad tungkol sa habitat, habang nag-aaral tungkol sa mga native species, malusog na ecosystem, damo at ugnayan ng mga habitat.

Nakilahok din sa Eco-Tours sa Moorebank ang mga kinatawan ng Liverpool City Council at mga stakeholder sa komunidad, na nagbigay ng pagkakataong ibahagi ang pag-usad ng conservation at palakasin ang mga lokal na partnership. Ang Night Eco-Tours kasama ang Wattle Grove Scouts ay nagbigay ng isa pang mahalagang pananaw, na nagbigay-diin sa mga hayop na aktibo sa gabi at sa papel ng conservation area pagkagat ng dilim.

Inaasam ng Moorebank Intermodal Precinct na ipagpatuloy ang pakikipagtulungan sa mga paaralan, community group at lokal na partner upang suportahan ang kaalaman tungkol sa biodiversity at ang mga resulta ng conservation.



Paglikha ng Bagong Habitat sa Hindi Nagagamit na Rail Spur

Sa Moorebank, nagtatayo ang National Intermodal at ESR ng bagong biodiversity habitat sa loob ng dating rail spur ng Defence na hindi na nagagamit, na sumusuporta sa translocation program para sa *Hibbertia fumana* at sa mas malawak na conservation value ng precinct. Ang *Hibbertia fumana* ay isang mababang halaman na may dilaw na bulaklak – marupok, matatag, at natatanging Australyano – na noon ay inakalang lipol na hanggang sa muling matagpuan ang maliit na populasyon nito sa katabing bushland sa huling bahagi ng dekada 2010.

Upang maisalba at matamnan muli ang hindi nagagamit na rail spur, 668 tonelada ng topsoil na may native seedbank ang nairekober at nagamit muli, kasama ang 185 tonelada ng mulch mula sa Moorebank Avenue Realignment project at 8.4 kilo ng native seed na naipalaganap sa 6,000 metro kuwadrado.

Nakikita na ang muling pagtubo sa lugar habang tumutugon ang native seed at nagsisimula nang bumalik ang mga halaman. Batay sa kasunduan sa Biodiversity Conservation Trust, isasama ang lugar na ito sa mga Moorebank Biodiversity Offset site upang suportahan ang pangmatagalang konserbasyon ng habitat na ito at ng mahahalagang native species dito.

Sa pamamagitan ng patuloy na pagtutulongan, nakakatulong ang proyekto na maibalik ang nasirang lupa, mapabuti ang mga ecological connection at masuportahan ang pangmatagalang konserbasyon ng isa sa mga pinaka-natatanging lokal na halaman sa Moorebank.



Mga Oras ng Operasyon at Konstruksiyon

Ang aprubadong oras ng operasyon ng Intermodal Facility (kasama ang Import Export Terminal, Rail Link at Warehousing) ay 24 oras, 7 araw sa isang linggo.

Gawain sa Labas ng Karaniwang Oras

Karaniwang isinasagawa ang aming mga gawain sa loob ng standard construction hours, ngunit maaaring may ilang aktibidad o hindi maiiwasang pagkakataon na nangangailangan ng out-of-hours work upang mapaliit ang epekto sa komunidad, sa mga gumagamit ng kalsada at sa mga lokal na negosyo.

Ipapaalam nang mas maaga ang mga gawaing ito sa website ng MIP at sa pamamagitan ng letterbox drop sa mga residente at negosyong maaapektuhan.



Ang aprubadong standard construction work hours ay:

Moorebank Precinct East

Lunes hanggang Biyernes:

7am – 6pm

Sabado: 7am – 1pm

Moorebank Precinct West

Lunes hanggang Biyernes:

7am – 6pm

Sabado: 8am – 1pm

Pakikipag-ugnayan

Kung nais ninyong humiling ng impormasyon o makipag-ugnayan sa team tungkol sa anuman sa mga nabanggit sa itaas, narito ang mga bagong detalye ng kontak:



community@esr.com
moorebankintermodalprecinct.com.au



1800 512 393



Level 4/180 George St,
Sydney NSW 2000



Ang Moorebank Intermodal Precinct ay iniaalay sa inyo ng
ESR Australia & NZ, Qube at National Intermodal.